# Pagsusuri at Klasipikasyon ng Kasarian ng mga Nominal na Salita sa Filipino

## (Analysis and Classification of the Gender of Nominal Words in Filipino)

**Nina Christina Lazaro- Zamora**
zamora.ncl@pnu.edu.ph

**Adonis Pacleb David**
david.ap@pnu.edu.ph

Philippine Normal University, Philippines

***Abstrak*** Ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay makabuo ng klasipikasyong pangkasarian sa mga salitang nominal sa Filipino na may malalim na integrasyon ng kasarian sa wika at kulturang Pilipino. Gamit ang deskriptibong pamamaraan, ang mga mananaliksik ay pumili ng tatlong panggramatikang aklat sa Filipino na kung saan, nakalikom ng mga halimbawang salita na may kaugnayan sa kasarian. Batay sa pagsusuri ng mga salita ay nakabuo ng klasipikasyon ng kasarian sa nominal na salita. Ito ay ang sumusunod: *Kasariang Maylapi, Kasariang Markadong Semantikal, Kasariang Kontekstwalisado, at Kasariang Di Kontekstwalisado.* Natuklasan ng pag-aaral na ang mga salitang nominal sa Filipino ay may taglay na kasarian tulad ng pambabae, panlalaki, walang kasarian at di tiyak batay sa mga halimbawa sa mga aklat panggramatika. Kaugnay nito masasabing ang kasarian ay hindi makikita sa estruktura ng isang wika kung hindi sa pakikipag-ugnayan nito sa semantikal na aspekto ng salita at lipunan (konteksto). Nirerekomenda na gamitin ang nabuong klasipikasyon ng nominal na salita upang maging paunang daan sa integrasyon ng *Gender and Development*

Zamora, N.C.L. &, David, A.P. (2022). Pagsusuri at klasipikasyon ng kasarian ng mga nominal na salita sa Filipino . *The Normal Lights*, *Special Issue 2022*, 1 –
Corresponding Author: zamora.ncl@pnu.edu.ph

*(GAD)* sa larangan ng wika na hindi gaanong nabibigyan ng pansin.

***Susing Salita:*** *kasarian, Filipino, nominal, gramatika, klasipikasyon*

***Abstract:*** The primary aim of the study is to develop a gender classification system for nominal words in Filipino with a deep integration of gender within the Filipino language and culture. Using a descriptive method, the researchers selected three grammatical books in Filipino, from which they gathered examples of words related to gender. Based on the analysis of these words, a gender classification system for nominal words was developed. The classification includes: Gender with Affixes, Semantically Marked Gender, Contextualized Gender, and Non-Contextualized Gender. The study found that nominal words in Filipino possess gender such as feminine, masculine, neutral, and indefinite based on examples from the grammatical books. It was also discovered that gender is not evident in the structure of a language but in its interaction with the semantic aspects of words and society (context). It is recommended to use the developed classification of nominal words as a preliminary step towards integrating Gender and Development (GAD) into the field of language, which has not been given much attention.

***Keywords:*** *Gender, Filipino, Nominal, Grammar, Classification.*

## Panimula

Isa sa tuon ng "gender and development (GAD)" ang ideya ng "gender equality." Sa kasalukyang panahon ay isa pa ring malaking hamon para sa lipunan ang pagpapalawak ng GAD para maabot ang "equality" sa pagitan ng lalaki at babae.

Gayunpaman, nitong huling dalawang dekada ay marami nang mga nagawa para mapalawig ang kamalayan ukol sa kasarian (gender) at karapatan ng mga kababaihan (women's rights). Ang "gender equality" ay isa sa 17 "global goals" na nakapaloob sa *2030 Agenda for Sustainable Development* at ang maraming bansa ay gumagawa ng mga programa at interbensyon upang lubos na makamit ang "gender equality" at "women's empowerment" sa kanilang lipunan. Sa Pilipinas, ang pagpapayabong ng "gender equality" ay nakapaloob din sa *Philippine Plan for Gender-Responsive Development* (PPGD 1995-2025) at sa *Women's Empowerment, Development and Gender Equality (WEDGE) Plan* 2013-2016.

Ang *Philippine Commission on Women* (PCW), ang pangunahing ahensya sa "policy making" at "oversight" pagdating sa mga bagay na may kinalaman sa mga babae at "gender equality" ay nagtratrabaho para mapaunlad ang "gender equality" at "women empowerment" sa bansa. Nitong 2019 ay nilunsad ng PCW ang *Gender Equality and Women's Empowerment (GEWE) Plan* 2019-2025. Isa nga sa malaking bagay na nagawa sa bansa ang pagkakaroon ng GAD fund sa mga ahensya ng gobyerno, kabilang ang mga unibersidad (SUCS). Kung kaya't lumaki ang oportunidad sa mga sangay ng edukasyon sa pagpapalago ng GAD. Naglunsad ang PCW ng iba't ibang kagamitan upang matutukan ang mga proyekto sa GAD ng mga ahensya ng gobyerno para mabigyang pansin ang "gender mainstreaming" tulad ng Enhanced Gender Mainstreaming Evaluation Framework at Gender Mainstreaming Monitoring System.

Ang pagsasagawa ng integrasyon ng GAD sa pagtuturo ay isang napakalaking hamon para sa mga guro. Kung gayon ang malawakang pag-aaral ukol rito batay sa disiplina ay marapat lamang na bigyan ng pansin tulad ng asignaturang Filipino na nangangailangan nang pagdighay sa kamalayan sa konsepto ng kasarian. Mahalaga rin ang wika sa usaping "gender equality" at GAD dahil may

kapangyarihan ang wika sa pagbuo ng "social stereotypes" at "status distinctions" sa pagitan ng babae at lalaki (Prewitt-Freilino, Caaswell, at Laakso, 2012).

Taong 2017, naglabas ang DepEd ng polisiya na may pamagat na "Gender Responsive Basic Education Policy." Batay sa DepEd Order Bilang 32 serye 2017, sinasabi nito kung bakit kailangan itong ipatupad sa mga paaralan. Layunin nito na bukod sa maging sensitibo ang mga mag-aaral sa kasarian (gender), kailangan na ang kasarian ay maging bahagi ng paghubog sa mga mag-aaral na makikita sa pamantayan ng kurikulum, pagtataya, kapaligiran, babasahin at mga batayang aklat na ginagamit sa loob ng silid-aralan. Ang polisiyang ito ay dapat masunod mula sa administrador, guro, mag-aaral at iba pang mga *stakeholder*. Nakapaloob din sa batas na ito na hindi lamang dapat maging sensitibo sa kasarian kundi sa kultura rin; nakapaloob sa kultura ang tungkol sa kasarian at hindi mahihiwalay ang wika (gramatika).

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay makabuo ng klasipikasyong pangkasarian sa mga salitang nominal sa Filipino na may malalim na integrasyon ng kasarian sa wika at kulturang Pilipino sa pamamagitan ng pagsusuri ng piling aklat panggramatika sa Filipino. Dalawang tiyak na tanong ang nais sagutin ng pag-aaral: (1) ano-ano ang nilalaman ng mga aklat panggramatika na nagpapakita ng kasarian sa mga salitang nominal sa Filipino? at (2) paano ikakategorya ang mga salitang nominal sa Filipino ayon sa integrasyon ng kasarian? Masasabing ang pag-aaral na ito ay bihira dahil limitado lamang ang pag-aaral patungkol sa wika (gramatika) at kasarian, dahil madalas na ikinakabit ang pagtuturo ng kasarian sa larangan ng panitikan.

## Pagsusuri ng Kaugnay na Literatura

Ang bahaging ito ng pananaliksik ay naglalahad at nagsusuri ng iba't ibang literatura na may kaugnayan sa kasarian at

wika, kasarian at kultura, kasarian at lipunan, kasarian at edukasyon, at kasarian at aklat pangwika .

***Ang Kasarian at Wika Bilang Bahagi ng Komunikasyon***

Isa si Tannen (1991 at 2009) na nagsagawa ng maraming pag-aaral tugkol sa wika at kasarian at sinuri niya ang interaksiyon ng babae at lalaki sa kros-kultural na komunikasyon. Ito marahil ang isa sa naging daan upang lalong mapag-usapan ang pag-aaral ng wika at kasarian. Naging daan din ang mga pag-aaral na ito upang mabigyan ng halaga ang seksuwal na oryentasyon, etnisidad at multilinguwalismo, sa pagsusuri ng mga pasalita at pasulat na wika (Richard, 2020). Ayon sa pag-aaral ni Tannen (1991), karamihan sa mga lalaki ay mas komportable sa pagsasalita upang mapansin samantala ang babae ay nakikipag-usap kung palagay na ang loob sa kanyang kausap. Ipinakikita sa pag-aaral ni Tannen na walang tama at mali sa paraan ng pakikipagkomunikasyon ng babae at lalaki, ipinakita lamang na may kaibahan ang dalawang kasarian dahil sa kultura na mayroon sila. Sa isa pang pag-aaral ni Tannen (2009), ang pagkakaugnay ng wika at kasarian ay nagpapakita ng mayamang konteksto ng pag-aanalisa ng kapangyarihan at kaisahan sa paglikha ng isang diskurso. Malaki ang magiging suliranin kung lingguwistika ang titingnan dahil makikita ang intensiyon ng pagiging dominante ng wika at kasarian. Ayon sa kanya kailangang tingnan ang gamit ng wika, ang konteksto nito, at istilo ng komunikasyon, gayundin ang interaksyon ng mga ito sa isa't isa.

Nagiging bahagi ng pag-aaral sa wika at kasarian ang mga kritikal na diskurso, naratibo, mga metapora at retorikal na analisis (Mallinson at Kendall, 2013). Itinuturing ito bilang *praksis ng kasarian;* ang larangang ito ay maituturing na paglalapat sa pamamagitan ng paggampan sa kasarian dahil ang kasarian ay maituturing na isang pagkilos at hindi kung ano bilang isang indibidwal. Masasabing mula pagkasilang

ay hinubog na ang tao kung ano ang dapat gawin at may pagkondisyon ng isip kung ano ang dapat isakilos batay sa seks na idinikta ng lipunan at hindi kung ano ang kasariang dapat na maisabuhay sa kanyang lipunang ginagalawan. Ayon kay Ginet (2011), ang teoretikal na pagtanaw kung paano ang wika at kasarian ay nakikisalamuha sa isa't isa ay nangangailangan ng malapit na pagtingin sa mga gawaing panlipunan na kung saan ay nagiging kinalabasan ng lahat.

Sa pag-aaral na ginawa nina Prewitt-Freilino et al. (2012) ay sinuri nila kung may pagkakaiba sa "gender equality" ang mga bansa depende kung sila ay gumagamit ng "gendered languages," "natural gender languages" o "genderless language." Nakita nila na ang mga bansa na gumagamit ng "gendered language" ay mas nakitaan ng mas mababang ebidensya ng "gender equality" kumpara sa mga bansang gumagamit ng "natural gender languages" at "genderless language." Ang mga gumagamit ng "natural gender languages" o yaong mga nominal na salita na walang "gender markings" ay nakakitaan ng mas mataas na lebel ng "gender equality." Isa itong ebidensya na ang wika, partikular ang nominal (pangngalan) ay maaaring may kinalalaman sa "gender equality." Kaya masasabi na ang tuon ng kasalukuyang pag-aaral ay mahalaga dahil magkakaroon ng datos sa kalagayan at relasyon ng kasarian sa mga nominal na salita sa Filipino.

### *Ang Kasarian sa Kultura at Lipunang Pilipino*

Sinabi ni Miciano (2001) na ang kasarian ay mas lumalalim at nabibigyan ng katumbas kapag nailapat na sa lipunan. Sinabi niyang ang salita ay walang kaakibat na kasarian, kung mayroon man ito ay bahagi ng proseso ng pakikisalamuha ng tao sa mundo. Sa kanyang pag-aaral ipinakita na ang mga trabaho ng tao ay walang kaakibat na seks ngunit ito ay nakaugat sa kasarian na ibinabatay ng mga tao sa kanyang kultura, kung kaya't may mga trabaho

na para lamang sa lalaki at babae. Sa pag-aaral ni Miciano ay binigyan niya ng tatlong kategorya ang mga trabaho batay sa kung paano ito tanawin ng mga kalahok niya sa kanyang pag-aaral; may panlalaki, pambabae at pareho. Lumabas na ang mga pangngalan, pang-uri at pandiwa na may kinalaman sa trabaho ng tao ay naglalarawan ng parehong seks maliban sa pagsasaka at karpintero ay lumabas na panlalaki. Makikita ito sa mga salitang karpintero, palitada, magsasaka at pasensyoso. Samantala, ang salitang chikahan at *salestalk* ay natukoy na pambabae. Ibinigay niyang konklusyon na malaking salik ang persepsyon ng realidad kaysa sa estruktura ng wika sa mga pangngalan kung ang pag-uusapan ay ang kasarian nito.

Ayon naman kay Bernardo (1997), ang Tagalog ay hindi kakikitaan ng seksismo, at hindi rin alintana ng mga taong nagsasalita ng wika ang seksismo. Nagsagawa ng dalawang eksperimento si Bernardo upang malaman kung ang nagsasalita ng Filipino ay nagsasagawa ng pagkakategorya ng kasarian kahit wala itong hudyat (marker). Sa parehong eksperimento lumabas na sa pagkawala ng hudyat ay mayroong mga naitalang "stereotyping" sa bawat indibidwal. Ipinalalagay na ang naging resulta ay batay sa pormal na aspekto ng wika, at ang relasyon nito sa malawak na isyung pangwika. Halos magkatulad ang naging resulta ng pag-aaral nina Miciano (2001) at Bernardo (1997) na sa wikang Filipino at Tagalog ay walang seksismo (non –sexist language) gayundin ang gumagamit ng wika ay hindi kakikitaan ng seksismo.

Samantala, binigyang pansin naman ni Mojica (2000) ang pagkakaiba ng kasarian gamit ang mga usapan sa Filipino. Naging resulta ng kanyang pag-aaral na ang mga babae ay gumagamit ng deskriptibong salita kaysa sa lalaki. Inilarawan niya na ang wika ng babae ay emosyonal, marahan at mas nakapokus sa mga usapan, may simpatya, maarte, paligoy-ligoy at mapanghusga na kabaligtaran sa mga lalaki

na nakakatawa, bayolente, brutal, bulgar, iwas sa usapan, maikli at direkta at hindi mapanghusga. Bilang konklusyon, sinabi niya na dalawa ang gamit ng wika sa mga babae at lalaki - ang pagkakaroon ng kaisahan at kapangyarihan sa pagsasalita. Ang kasalukuyang pag-aaral ay makadadagdag sa mga literaturang nabanggit dahil susuriin ang gramatika na hindi tuon ng pag-aaral ni Miciano (2001), Bernardo (1997), at Mojica (2000).

Nagbigay si Young (1997) ng anim na katangian sa pagtalakay sa "gender and development"- una, ang pokus ay hindi lamang kababaihan kundi sa relasyon ng mga kasarian batay sa kita, lahi, antas ng pamumuhay at etnisidad; ikalawa, ang mga kababaihan ay isang aktibong paksa; ikatlo, perspektibong pangkalahatan na may pokus sa aspekto ng reproduksyon sa pagbabahagi ng serbisyo; ikaapat, ang debelopment ay tinatanaw bilang komplikadong proseso na may kaugnayan sa ekonomiya, politika at kultural na traspormasyon upang magkaroon ng pagbabago sa kakayahan, kalayaan, at pamumuhay ng isang indibidwal sa lipunan; ikalima, pagtatamo ng pantay na karapatan ng kababaihan at pagkakaroon ng lakas sa iba't ibang sitwasyon; at huli, ang gampanin ng mga samahan sa kolektibong aksyon ng mga babae upang matamo ang sentral na tagumpay ng kasarian upang magkaroon ng kapantayan ukol rito.

### *Ang Kasarian sa Larangan ng Edukasyon at Aklat Pangwika*

Ipinalagay ni Atienza (2015) na ang salitang "kasarian" ay katumbas ng gender, mula sa salitang "ari" na ang ibig sabihin ay ang bahagi ng katawan ng taong may kinalaman sa kakayahang magparami at ang kabuuang turing, gawi at pagpapahalagang nakalakip dito. Ang gamit ng salitang "ari" bilang salitang ugat ay pagkilala sa kapangyarihang taglay ng ari at ang kaukulang talab nito sa gawi at pagpapahalaga ng lipunan. Ibig sabihin, ang ari ay batayan ng pag-uuri ng

tao dahil sa kakaibang "yari" nito na siyang nakapagtatakda ng antas ng pag-aari (sakop) at paghahari (kapangyarihan) ng tao.

Naging malawak na rin ang pag-aaral ng wika at kasarian sa bawat sulok ng mga silid aralan. Nagiging bahagi ng pag-aaral at pagkatuto ng mga mag-aaral ang mga ito, bilang daluyan upang maging malay sa sensitibidad ng kanilang pananagutan at karapatan bilang bahagi ng komunidad. Sinabi ni Atienza (2015) na mahalagang alalahanin ng guro habang tinatalakay ang mga usaping pangkasarian bilang diskurso na maaari itong sinisipat at sinusuri ng mga mag-aaral kaugnay ng kanilang buhay. Kaya kung pag-uusapan ang seks at kasarian, kailangang umabot na ang mga guro at mag-aaral na makaya nang pag-usapan ito nang may matibay na tiwala sa sarili at naipapakita ang pagkilala sa pantay na kakayahan at kapangyarihang mag-ambag sa lahat ng uri ng kasarian sa lipunan. Nakatuon sa mga akdang Pilipino ang kay Atienza na ikinaiba ng kasalukuyang pag-aaral na ang tuon ay wika.


Binigyang pansin naman ni Reyes (2001) ang paglalakip ng kasarian sa mga teksbuk na ginagamit sa Kasaysayan ng Asyano. Nabanggit niya sa kanyang pag-aaral na hindi nabibigyan ng pansin ang kababaihan sa pagtalakay ng kasaysayan sa mga aklat na ginagamit sa paaralan. Nabanggit din niya na nagiging daan ang mga teksbuk upang matalakay ang kasarian. Hindi man ito lantad ngunit nagiging bahagi ang mga kagamitang ito sa pagkatuto upang maging malay sa kasarian ang isang mag-aaral. Mainam daw na maging bahagi ng kurikulum sa pamamagitan ng teksbuk ang pagkakaroon ng kamalayan sa kasarian at magkaroon ng espasyo ang kababaihan sa kasaysayan. Kung gayon ay maaari ding masabi na ang gamit ng wikang Filipino sa mga teksbuk ay maaari ding maging tuntungan sa pagkatuto ng kasarian. Akma ito sa layunin ng pag-aaral na suriin ang kaugnayan ng wika at kasarian gamit ang mga aklat gramatika.

Maraming pag-aaral na nagawa na kaugnay sa wikang Filipino, ngunit may mga katanungan ukol sa wika na may kinalaman sa "gendered language." Hindi lahat ng wika ay pareho ang pagtingin at gamit ukol sa kasarian, halimbawa sa wikang Ingles walang kasarian ang pangngalan (nouns) at mga pang-uri (adjectives) ngunit mayroon sa panghalip (pronouns). Sa wikang Kastila, ang kasarian ay kalakip na ng wika. Marami na ring mga kaugnay na literatura na ang pangunahing paksa ay mga dayuhang wika ngunit sa wikang Filipino mangilan-ngilan lamang ang ganitong pag-aaral (e.g. Bernardo, 1997; Miciano, 2001). Kaya mainam pa ring masuri ang kaugnayan ng kasarian sa wikang Filipino lalo't ang gamit ng wika ay nagdudulot ng paghuhulma sa kaisipan at pananaw ng tao upang lubusan niyang mapaunlad ang sarili at ang lipunan (Villines, 2013). Mahalaga din ito dahil sa argumento ng "gender-fair language" na maaaring makatulong sa pagpapalawig ng "gender equality" dahil maaari itong makabawas sa "gender stereotyping and discrimination" (Sczensny, Formanowicz, at Moser, 2016). Lumabas din sa isang pag-aaral na ang mga bansa na gumagamit ng "gendered language" ay mas nakitaan ng mas mababang ebidensya ng "gender equality" kumpara sa mga bansang gumagamit ng "natural gender languages" at "genderless language" (Prewitt-Freilino et al., 2012). Kaya mahalagang muling masuri kung ang wikang Filipino ay mayroong kaakibat na kasarian at kung paano ito ipaliliwanag sa loob ng klasrum bilang paunang tungtungang bato upang malalimang maunawaan ang GAD.

## Konseptuwal na Balangkas

**Pigura 1**

*Konseptuwal na Balangkas ng Pag-aaral*




Makikita sa balangkas na ginamit ng mga mananaliksik ang konsepto ng *covert at overt* gender ni Miciano (2001) bilang batayan ng pagsusuri ng kasarian sa wikang Filipino. Ipinakita ni Miciano na sa wikang Tagalog ay mas matimbang ang persepsyon ng realidad kaysa sa estruktura ng wika. Sinuri niya ang wika batay sa kasarian nito, ipinakikita nito ang relasyon ng wika at ang realidad na panlipunan, dahil parehong sosyolohikal at lingguwistik ang pagkakabuo nito ayon sa kanya. Sinasabing realidad na panlipunan batay sa sinasabing may panlalaki at pambabae na hindi lamang ibinabatay sa seks. Sa larangan naman ng gramatika, may mga kasarian ang pangngalan tulad ng

panlalaki, pambabae, at di tiyak, ngunit may mga hindi nakikita o di namamasid batay lamang sa estruktura nito na tinatawag na *covert gender* at ang lantad batay sa estruktura ng wika ay tinatawag na *overt gender*. Ginamit ng pag-aaral ang mga konsepto ni Miciano upang masuri ang wikang Filipino sa aspekto ng kasarian, at para maipakilala ang wika (partikular ang *gramatika*) bilang lundayan ng pagtuturo ng kasarian. Samantala, sina Unger at Crawford (1992) ay nagsabi na ang kasarian ay kailangang iugnay sa lipunan kaysa sa biolohikal na katangian nito, samakatuwid, ang seks ay batay sa pisikal na aspekto ng isang tao, samantala ang kasarian ay nabuo dahil sa lipunang ginagalawan ng isang indibidwal.

Magiging pokus ng pagsusuri ng gramatika ang pangkasariang paglalapi sa morpema (grammar gender inflection) at semantikal na pagtatakda sa kasarian (semantic gender assignment) ni Corbett (1991, 2011) na nagsasabi na ang wika ay binubuo ng mga "inflection of language" o paglalapi sa salita. Ito ang proseso ng pormasyon ng wika na idinagdag sa ugat ng salita upang maipakita ang gramatikal na kategorya nito ayon sa kasarian. Ipinalalagay ni Corbett na ang mga wika partikular sa pangngalan ay hango sa "inflection behaviour" na nagsasabi kung saang kategorya ito ng kasarian nabibilang.

Ang pinakaimportanteng punto sa sistema ng klasipikasyon ng mga salitang nominal ay dalawang mukha: una, ang sarili nitong kahulugan bilang isang nominal na salita at ang ikalawa ang pagpapahayag nito batay sa anyo. Ang anyo ay maaring batay sa sariling kahulugan ng salita o maaring may kaugnayan sa elemento na kaugnay ng kahulugan nito. Maaari kasing may "perspective marker" na ginagamit para makita kung anong klase ito. Sa madaling salita, ang sistema sa paglalapat ng kasarian sa wika ay may kinalaman sa mga palatandaang ginagamit rito o "gender marker." Maaari itong nagmumula

sa paglalarawan ng salitang nominal. Kadalasan ito ay tinatawag na "constituent" sa isang wika na tinitingan ang ugnayan ng salitang malapit o sinusundan nito. Isa sa mahalagang nabanggit ni Corbett (1991, 2011) ang "gender-assignment." May kategorya na tinukoy si Corbett na semantika na ang kahulugan ay denotatibo at ang di semantika ay kahulugan na nagmumula sa arbitraryo.

Si Fairclough (2006) ay ginamit sa pag-aanalisa ng wika, binatay ang konteksto sa pagitan ng gumagamit at kung paano ito ginagamit, gayundin ang kaugnayan nito sa praktikal na diskurso. Ang mga nabanggit na konsepto ay batayan sa pagsusuri, at mula rito ay makabubuo ng bagong klasipikasyong pangkasarian sa mga salitang nominal sa Filipino. Isa rin sa nabanggit ni Fairclough sa kanyang modelo na isa sa mga prominenteng pigura ng pag-aaral ng wika ay hindi lamang ang gamit nito sa diskurso gayundin ang gamit nito sa lipunan. Ang wika bilang bahagi ng lipunan ay may esensyang panlabas at panloob na kakikitaan ng mga klasipikasyon at penomena, na nabubuo dahil sa proseso na nananaig sa lipunan upang muling mapag-aralan at mauri batay sa umiiral na penomena ng umuusbong sa tiyak na panahon at lunan.

## Pamamaraan ng Pag-Aaral

Ang disenyo ng kasalukuyang pag-aaral ay deskriptibong pamamaraan kung saan binigyang aspekto sa pag-aaral ang mga morpema at semantikal na aspeto ng wika. Pumili ng tatlong gramatikang aklat ang mga mananaliksik. Ang mga ito ay nakatuon sa balarila o estruktura ng wika, na nakapaloob ang tatlong malaking tipak ng pag-aaral ng wika: ang ponolohiya, morpolohiya at sintaksis. Ang mga gramatikang aklat na ito ay pinili batay sa sumusunod na kategorya (1) ang may-akda ay eksperto sa wika (gramatika) (2) ginagamit sa mga paaralan / unibersidad (3) May talakay

tungkol sa bahagi ng panalita partikular sa mga nominal o mga pangngalan at (4), may talakay o halimbawa ukol sa pangkasarian ng nominal o mga pangngalan. Ang mga aklat ay binasa nang buo at nag-umpisa ang mga mananaliksik sa pagsusuri sa konsepto ng kasarian kung paano ito inilahad sa aklat. Sa pagbabasa ay naghanap ng mga halimbawa sa aklat na may talakay tungkol sa kasarian. Dumaan ang mga nalikom na halimbawa sa isang masusing pagsusuri gamit ang pangkasariang gramatikal, isang siyentipikong pamamaraan na nagsasagawa ng pagtuklas muli ng gramatika ng isang wika kung saan hinihimay ang wika upang masuri ang konteksto nito ayon sa paksang pinag-aaralan. Masusing sinuri ang mga nominal na salita na naging pangunahing batayan ng mga mananaliksik para makabuo ng klasipikasyon ng salitang nominal sa Filipino. Ang nominal na salitang ito ay ginamit ng ilang mga lingguwista o mambabalarila upang katawanin ang ngalan ng tao, bagay, hayop at lugar o ang mga pangngalan. Ito ay limitado lamang din sa mga pangngalan (noun) o mga salitang pandiwa na naging pangngalan dahil sa ilang mga paglalapi at ilang pang-uring ikinakabit rito at hindi kasali ang mga panghalip sa papel na ito bilang nominal.

## Resulta at Pagtalakay

Ang sumusunod na datos ang nalikom ng mga mananaliksik upang masagot ang mga katanungan ng pag-aaral.

***Ano-ano ang nilalaman ng mga aklat panggramatika na nagpapakita ng kasarian sa mga salitang nominal sa Filipino?***

### Talahanayan Bilang 1

*Mga Talang Paliwanag ukol sa Kasarian ng mga Nominal na Salita*

| Panggramatikang Aklat 1 | Panggramatikang Aklat 2 | Panggramatikang Aklat 3 |
|---|---|---|
| ***PANGNGALAN*** | ***PANGNGALAN*** | ***KONSEPTO NG KONGKRETONG BAGAY*** |
| **Kasarìan**<br>(1) lalaki<br>(2) babae<br>(3) balakì | **klasipikasyon ayon sa sekso:**<br>(1) may sekso<br>(2) walang sekso<br>**Dalawang uri ng sekso:**<br>(1) lalaki<br>(2) babae<br>**Kasarian**<br>(1) Panlalaki<br>(2) pambabae<br>(3) di-tiyak<br>(4) walang kasarian | **kasarian o sex**<br>(1) panlalaki<br>(2) pambabae<br>(3) pambalana o walang kasarian. |

Ipinakikita sa talahanayan bilang 1 na magkakaiba ang katawagan para sa kasarian ng pangngalan ng tatlong aklat, ang una mayroong lalaki, babae at balaki ; ang ikalawa ay may kategorya ng sekso at kasarian at ang ikatlo ay may konsepto ng kasarian o seks. Sumasalamin ang paraan ng pagkakategorya ng mga nominal na salita sa pamamagitan ng kaibahan sa aspekto ng buhay. Ibig sabihin mauunawaan ang

pagkakaiba nito kung iuugnay sa lipunan kaysa sa biolohikal na ugat (Unger & Crawford, 1992). Kung susuriin, ang seks ay batay sa pisikal na anyo ng isang tao, samantala ang kasarian naman ay nabuo dahil sa lipunan.

Iba-iba ang paraan ng pagbibigay ng konsepto sa salitang seks at kasarian. Kailangang gawin itong estandardisado upang maging maayos ang pagsasagawa ng kategorya. Alin ang pinakaangkop sa dalawang terminolohiya? Maaaring mailapat ang palagay ni Atienza (2015) na ang salitang "kasarian" ay katumbas ng "gender." Kung ang panggramatikang pangkasarian ang nais ipasok sa mga aralin sa wika, kailangang maging tiyak at konsistent ang paraan ng pagpapakahulugan.

## Talahanayan Bilang 2

*Mga Talang Paliwanag at Halimbawa ng Kasarian ng Morpemang Binubuo ng Isang Ponema*

| Panggramatikang Aklat 1 | Panggramatikang Aklat 2 | Panggramatikang Aklat 3 |
|---|---|---|
| **pantanging ngalan na nagtatapós sa tunóg na */o/, /a/.*** | **salitang hiram sa Kastila sa pamamagitan ng morpemang [a] ot [o] sa posisyong pinal** | *walang nabanggit sa aklat |
| **lalaki */o/***<br>Halimbawà:<br>Máksimo (Máximo),<br>Simo<br>*Pilipe (Filipe), | **Panlalaki */o/***<br>Halimbawà:<br>Eusebio<br>doktor | |
| **babae */a/***<br>Halimbawà:<br>Máksima (Máxima),<br>Sima<br>Pilipa (Felipa) | **pambabae */a/***<br>Halimbawà:<br>Eusebia<br>doktora | |

Ipinakita sa talahanayan bilang 2 na sa wikang Filipino ay mayroong distinksyon upang maipakita ang pagiging babae at lalaki ng isang morpema, ito ay sa pamamagitan ng ponemang /a/ at /o/ na ipinakikita sa dalawang gramatikang aklat. Ang paglalagay ng ponemang /o/ ay kumakatawan para sa kalalakihan at ang /a/ ay para sa kababaihan. Sa ikatlong gramatikang aklat ay walang nagbanggit tungkol rito. Ang ganitong paraan ng pagpapaliwanag ay pinatotohanan ni Corbett (1991, 2011) na ang wika ay mayroong panlapi sa salita. Ipinalalagay ni Corbett na ang mga wika partikular sa pangngalan ay hango sa 'inflection behavior' na sumasalamin sa kategorya ng kasarian. Inisa-isa rin sa talahanayan ang mga halimbawa ng mga pangngalang pantangi at pambalana na nagtataglay ng ponemang /a/ at /o/ na nagpapahiwatig ng kasarian nito.

Makikita rin sa tala na hindi sa lahat ng pagkakataon na ang /o/ at /a/ ay nagpapakita ng kasarian, ang *Pilipe at *Pili ay gumamit ng ponemang /e/ para sa tanging ngalan ng lalaki at /i/ para sa tanging ngalan ng babae. Sa salitang "doktor," hindi matukoy kung babae o lalaki. Ibig sabihin may mga salitang nominal na di lantad ang kasarian. Ito ang tinatawag ni Miciano (2001) na covert gender ng wika. Hindi lahat ng mga salitang may ponemang /a/ at /o/ ay kakatawanin ng idiniktang kasarian ng aklat, may mga salitang pinanatili rin ang /o/ tulad ng tagapagluto at guro. Ito ang sinabi ni Fairclough (2006) na ang wika ay batay sa konteksto, sa gumagamit nito, paano ginagamit, at ang kaugnayan sa praktikal na diskurso.

Sa talahanayan bilang 3, ang mga nasa unang hanay ay nagpapakita ng kasarian ng mga salitang nominal na may tatlong anyo: una, may pagmamarkang babae at lalaki sa ngalang pambalana. May "perspective marker" na ginagamit para makita kung anong klase ito. Sa madaling salita ang sistema sa paglalapat ng kasarian sa wika ay may ginagamit na 'gender marker.' Maaari itong nagmumula sa

kilos o paglalarawan ng salitang nominal. At ang ikalawang halimbawa ay mga kasariang inuugnay sa relasyon ng tao sa isa't isa.

**Talahanayan Bilang 3**

***Mga Talang Halimbawa ukol sa Kasarian ng mga Nominal na Salita***

| **Panggramatikang Aklat 1** | **Panggramatikang Aklat 2** | **Panggramatikang Aklat 3** |
|---|---|---|
| ***KASARÌAN NG MGA PANGNGALAN*** | ***KASARIAN NG PANGNGALAN*** | ***KONSEPTO NG KONGKRETONG BAGAY*** |
| **Lalaki**<br><br>Halimbawà:<br>manggagamót na lalaki<br>amá **(may relasyon sa pamilya)** | **Mga Pangngalang Tiyak na Panlalaki**<br>Halimbawa:<br>Ginoong Ramos<br>ninong | **Panlalaki**<br><br>Halimbawà:<br>tatay<br>doktor |
| **Babae**<br>Halimbawà:<br>manggagamót na babae<br>ina **(may relasyon sa pamilya)** | **Mga Pangngalang Tiyak na Pambabae**<br>Halimbawa:<br>Ginang Ramos<br>ninang | **Pambabae**<br>Halimbawà<br>ina<br>doktora |

Sa ikawala at ikatlong hanay ay may dalawang anyo na nauukol sa kasarian- panlalaki at pambabae. Makikita sa mga salitang nominal na may mga salitang likas na panawag sa lalaki tulad ng ginoo at ninong gayundin ang panawag sa babae na ginang at ninang. Ngunit may mga nominal na salita sa Filipino na maramihan tulad ng mag-iina at mag-aama na di tiyak ang kasarian bagama't ang salitang ugat nito ay may tiyak na kasariang taglay. Ang hindi pagtukoy sa kung sino ang kasama ang dahilan kung bakit walang katiyakan ang kasarian ng salita. Ito ang nabanggit ni Corbett (2011)

na ‘gender-assignment’ na sistema sa mismong ugat ng salita. May semantika at di semantika na maaring bigyan ng kahulugan sa denotatibo at arbitraryong pamamaraan.

Sa ikatlong hanay may salitang ‘bana’ (asawang lalaki) na nasa kasarian ng lalaki at kung mapapansin ay walang katawagan ito para sa asawang babae. Ito ay may kinalaman sa kultural na katawagan ng mga Hiligaynon. Ibig sabihin may salita na makikita sa isang tiyak na rehiyon.

**Talahanayan Bilang 4**

*Mga Talang Halimbawa ukol sa Salitang Nominal na Di Tiyak*

| Panggramatikang Aklat 1 | Panggramatikang Aklat 2 | Panggramatikang Aklat 3 |
|---|---|---|
| *walang nabanggit | **Mga Pangngalang Di-Tiyak ang Kasarian**<br><br>Halimbawà:<br>kapatid<br>estudyante | **Pambalana (hindi tiyak ang sex)**<br><br>Halimbawà:<br>asawa<br>guro |

Ipinakikita sa talahanayan bilang 4 na mayroong mga salitang nominal sa Filipino na hindi tiyak ang kasarian. Ayon kay Santos (2019) walang kasarian ang wikang Tagalog. Hindi alintana ng mga Pilipino kung lalaki at babae ang isang pangngalan. Ito ay masasabing halimbawa ng “genderless language” (Prewitt-Freilino et al., 2012). Sinususugan ito ni Miciano (2001) na ang kasarian ay mas lumalalim at nabibigyan ng katumbas kapag nailapat na sa lipunan. Sinabi niyang ang salita ay walang kaakibat na kasarian, kung mayroon man ito ay bahagi ng proseso ng pakikisalamuha ng tao sa mundo.

**Talahanayan Bilang 5**

*Mga Talang Halimbawa ukol sa Salitang Nominal na Walang Kasarian*

| Panggramatikang Aklat 1 | Panggramatikang Aklat 2 | Panggramatikang Aklat 3 |
|---|---|---|
| **Balaking** | **Mga Pangngalang Walang Kasarian** | **Walang Kasarian (walang buhay)** |
| Halimbawà:<br>hangin,<br>halaman | Halimbawa:<br>bulkang Mayon<br>Maynila | Halimbawà:<br>telebisyon<br>bolpen |

Sa talahanayan bilang 5, nakalista ang mga nominal o ngalan ng bagay na walang buhay, sa unang hanay tinawag itong pambalaki samantala sa ikalawa at ikatlong hanay tinawag itong walang kasarian. Naging bahagi ito ng diskurso ni Miciano (2001) na may panlalaki at pambabae depende kung kanino nakita ang bagay (kagamitan) na ginamit sa kilos. Ang mga ganitong kategorya ay nagbubunsod ng "stereotyping" at hindi nagbibigay ng pag-unlad sa tao upang masuri ang gampanin sa lipunan na tuon ng "gender and development."

***Paano ikakategorya ang mga salitang nominal sa Filipino?***

Batay sa pagsusuri ng mga datos at paglalapat ng mga teorya, nagtangka ang mga mananaliksik na makabuo ng bagong *klasipikasyong pangkasarian sa mga salitang nominal sa Filipino*. Nais na maipakita ng klasipikasyon ang "gender equality" at GAD na magwawaksi sa "social stereotypes" at "status distinctions" sa pagitan ng babae at lalaki (Prewitt-Freilino, Caaswell, at Laakso, 2012).

## Talahanayan Bilang 6

*Klasipikasyong Pangkasarian sa mga Salitang Nominal sa Filipino*

| KLASIPIKASYON | DEPINISYON | MGA HALIMBAWA | |
|---|---|---|---|
| | | Babae | Lalaki |
| Kasariang Maylapi | salitang nominal na nilalapian ng ponemang /a/ /e/ /i/ at /o/ | Maria<br>Andrea | Mario<br>Andre |
| Kasariang Markadong Semantikal | salitang nominal na minamarkahan ng salitang babae at lalaki, nagiging salitang panlarawan (pang-uri) | asawang ***babae*** | asawang ***lalaki*** |
| Kasariang Kontekstwalisado | tiyak na salitang naglalarawan (pang-uri) | (si/ang) gwapa | (si/ ang) gwapo |
| | tiyak na trabaho | *mangubingay | kapatas |
| | tiyak na kilos | (ang) pagdadalantao | (ang) pagpapatuli |
| | tiyak na kalagayan / panahon (pang-abay) | (ang) pagdadalaga | (ang) pagbibinata |
| | tiyak na katawagan para sa kasarian | manay | manoy |
| | *nagiging nominal kung may pantukoy na si at ang | | |
| Kasariang Di-Kontekstwalisado | Salitang nominal na hindi masabi ang tiyak na kasarian kung hindi susuriin ang kontekto nito sa lipunan<br><br>*pwedeng pambalana at pantanging ngalan | *asog<br>Justine | |

Mga Tala
*mangubingay (Mansaka) mga babaeng tumutugtog ng kubing
*asog (Akl.) walang kasarian; maaaring babae o maaring lalaki; binabae o binalaki

Naging batayan ng nabuong klasipikasyon ang sinabi ni Bakker (1999) na ang kasarian ay isang "social construct'" na tumutukoy sa relasyon sa pagitan ng babae at lalaki na sumasalamin sa antas, biyolohikal na katangian, edad, etnisidad, lahi, trabaho, at yaman. Masasalamin ito sa paraan ng pagkaklasipika ng mga salitang nominal dahil hindi lamang apat (4) na pangunahing klasipikasyon ang nabuo, mayroong mga sub na klasipikasyon sa loob nito na kaugnay ng trabaho, kilos, panahon, at kultura.

Sinasalamin ng klasipikasyong nabuo ang dalawa sa mga binigay ni Young (1997) na katangian sa pagtalakay ng "gender and development," ang pokus ay hindi lamang kababaihan kundi sa *relasyon ng mga kasarian batay sa lahi, antas ng pamumuhay at etnisidad; ang debelopment na tinutukoy ukol rito ay tinatanaw bilang komplikadong proseso* na may kaugnayan sa *politika at kultural na traspormasyon* na bahagi ng wika. Ang transpormasyon ay hindi lamang sa pagsasakilos upang matamo ang kapantayan sa kasarian, kailangang simulan ito sa paglilista ng mga salitang bahagi ng lipunan at ipangkat ito ayon sa kasariang alam ng mga gumagamit upang masuri ang kamalayan sa kapantayan ng wika.

Isa sa mahalagang ambag ng nabuong klasipikasyon ang kategorya ng kasariang di namamasid na makatutulong sa pagtuturo ng gramatika para mapatatag ang "gender equality" sa pamamagitan ng paggamit ng "gender-fair language." Ang "gender-fair language" ay maaaring makatulong sa pagbaba ng "gender stereotyping" at diskriminasyon (Sczensny et al., 2016). Kung kaya't sa nabuong klasiplikasyon ay hindi isinama ang kategorya ng walang kasarian sapagkat sa "gender-fair language," mahalaga ang konteksto ng "gender equality" kung kaya't tao ang pokus at di ang mga bagay. Alinsunod ito sa perspektibo ng GAD na walang kasarian ang mga bagay.

Sa pamamagitan ng klasipikasyong nabuo ay magkakaroon ng sensitibidad ang mga mag-aaral sa usapin ng kasarian at wika. Hindi lamang kasanayang pangnilalaman ang nagiging bahagi ng aralin sa wika kundi ang pagsasakonteksto ng "gender and development" at magiging daan ito upang ang mga mag-aaral at guro ay makialam sa usapin ng kasarian sa bansa. Sa larangan naman ng pagsusulat ng gramatika, mainam na hindi lamang tumingin sa 'matandang' salita, tandaan na ang wika ay daynamiko na maaaring sa paglipas ng panahon may mga salita na hindi lamang para sa babae, lalaki, at di tiyak. Hindi kailangang ikahon sa tradisyonal na klasipikasyon ang kasarian sa wika. Mainam na may ibang pagpipilian tulad ng nabuong klasipikasyon ng pag-aaral na hango sa persepsyon ng realidad kaysa sa estruktura ng wika na akma sa tinuran ni Miciano (2001). Mapapalawig lalo ang "gender equality" sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mas maraming halimbawa ng mga nominal na salita na nakapaloob sa kategoryang nabuo.

Ang nabuong klasipikasyon ng mga salitang nominal ay makabuluhang ambag sa gramatikang Filipino dahil maaaring magamit ng mga guro at manunulat ang nabuong klasipikasyon. Maaring isang sagot ito sa hamon ni Atienza (2015) na mahalagang alalahanin ng guro na sa pagtalakay ng mga usaping pangkasarian bilang diskurso ay buhay itong sinisipat at sinusuri ng mga mag-aaral kaugnay ng kanilang buhay at ng karanasan. Ang nabuong klasipikasyon ng salitang nominal ay nakatugon din sa nabanggit ni Villines (2013) na ang konsepto ng kasarian ay mahalaga rin sa buhay ng tao katulad ng wika. Nakaayon din ang nabuong klasipikasyon sa sinabi ni Tannen (2009) na ang pagkakaugnay ng wika at kasarian ay nagpapakita ng mayamang konteksto ng pag-aanalisa ng kapangyarihan at kaisahan sa paglikha ng isang diskurso dahil malaki ang magiging suliranin kung sa lingguwistikang anyo ang titingnan lamang sa wika.

Sa mga nabuong klasipikasyon hindi lamang binbigyang pansin nito ang mababaw na pagtalakay ukol sa mga pangngalan bilang bahagi ng panalita na kadalasang “in passing” lamang sa pag-aaral ng mga mag-aaral kundi mas magiging sensitibo ang mga mag-aaral sa kasarian (gender), kultura at kapaligiran na mas nagiging interesado at mapanghamon ang pag-aaral ng wika (gramatika) dahil may lakip na kritikal na pag-iisip sa kung ano ang namamayaning kultura at paningin sa kasarian habang tinatalakay ang ganitong paksa sa wika, na isa sa mga layon ng Gender Responsive Basic Education Policy ng DepEd. Ang mga nabuong kategorya ng mga mananaliksik ay maaaring ilahok sa mga babasahin at mga batayang aklat na ginagamit sa loob ng silid-aralan na may ibang timpla o rekado sa pamamagitan ng integrasyon ng GAD.

## Konklusyon at Rekomendasyon

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay makabuo ng klasipikasyong pangkasarian sa mga salitang nominal sa Filipino. Dalawang tiyak na tanong ang sinagot ng pag-aaral: (1) ano-ano ang nilalaman ng mga aklat panggramatika na nagpapakita ng kasarian sa mga salitang nominal sa Filipino? at (2) paano ikakategorya ang mga salitang nominal sa Filipino? Isa sa limitasyon ng pag-aaral ay ang pagsangguni sa tatlong (3) aklat panggramatika na ang tuon lamang ay ang mga salitang nominal at sinuri sa morpema at semantikal na aspekto ng wika. Nalimitahan din ang pag-aaral sa paglilista ng halimbawa ng mga salitang nominal na halos binatay sa wikang Tagalog. Ganunpaman, kahit may limitasyon, ang pag-aaral, may mga natuklasang resulta na nakadagdag linaw sa usaping kasarian at wikang Filipino.

Mula sa mga resulta ng pag-aaral ay nakabuo ng ilang konklusyon ang mga mananaliksik. Una, ang mg salitang nominal sa Filipino ay nagtataglay na kasarian na lalaki,

babae, balaki, may sekso, walang sekso, panlalaki, pambabae, di-tiyak, walang kasarian, at pambalana batay sa mga nakalahad na mga halimbawa sa mga aklat panggramatika. Ito rin ang kategorya na nakasaad sa mga nabanggit na aklat. Pangalawa, ang kilos at karanasan ng mamamayang Pilipino ay isang paraan ng pagpapahayag ng kasarian ng salitang nominal sa Filipino tulad ng paglalarawan sa kanilang gawain at trabaho. Pangatlo, ang kasarian ay hindi lamang makikita sa estruktura ng isang wika kundi sa pakikipag-ugnayan nito sa semantikal na aspekto ng salita at lipunan. Pang-apat, ang mga aklat gramatika sa Filipino ay halos batay pa rin sa Tagalog at halos magkakapareho ang paraan ng klasipikasyon ng kasarian ngunit nagkakaiba sa konsepto nito kung kaya't paimbabaw ang paraan din ng pagtalakay at pag-unawa sa mga araling pangwika lalo na sa salitang nominal. Panglima, ang nabuong *klasipikasyong pangkasarian sa mga salitang nominal sa Filipino ay makakapagpalawig ng gamit at pag-unawa sa wikang Filipino, kultura at kasarian* nito na maaaring gamitin sa pagtuturo, hindi lamang sa gramatika, kundi sa ideya ng "gender and development."

Ang sumusunod ay rekomendasyon ng pag-aaral: (1) pag-aralan at gamitin ang nabuong klasipikasyon sa pagtuturo ng gramatikang Filipino upang mapalitaw hindi lamang ang nominal na salita bilang bahagi ng panalita kundi bilang bahagi ng pag-alam at pagsuri sa kultura ng wika at kasariang Pilipino, (2) pag-aralan kung paano magkakaroon ng integrasyon sa araling pangwika na magagamit sa isang *gender-based curriculum* sa bawat baitang lalo na batayang antas, (3) suriin pa ang ilang mga aklat panggramatika na hindi nasaklawan ng pag-aaral na ito upang makakita ng ibang paraan ng pagsasakonteksto ng kasarian na maaaring hindi pa natatalakay sa loob ng klasrum; (4) kailangang may sensitibidad sa kasarian ang mga susulat ng mga aklat panggramatika upang maging daan ang wika sa tamang pagsasakonteksto ng " gender and development" at "gender

equality" na lahok sa mga halimbawa at araling pangwika; at (5) magsagawa ng mga karagdagang pag-aaral sa kasarian at wikang Filipino na ang tuon ay maaaring sa panitikan, iba pang bahagi ng panalita at pagsusuri ng diskurso sa mga tekstong limbag (batay sa 4 anyo ng pagpapahayag/makrong kasanayan) at tekstong biswal.

■ ■ ■

## Mga Sanggunian

Atienza, G. (2015). *Rated sex. Ilang konsepto at pananaw at lapit sa pagtuturo ng panitikang may pagkiling sa kasarian.* https://www.academia.edu/36856948/RATED_SEX_ILANG_KONSEPTO_PANANAW_AT_LAPIT_SA_PAGTUTURO_NG_PANITIKANG_MAY_PAGKILING_SA_KASARIAN

Bakker, I. (1999). Development Policies. In J.Peterson & M. Lewis (Eds.), *The Elgar Companion to Feminist Economics (pp. 83–95). Elgar.*

Bernardo, A.B. (1997). If the language's lexicon is nonsexist, is the language user also nonsexist? A cognitive psychology study on gendered language and gender stereotyping. Danyag, 2 (1), 46-61.

Corbett, G. (1991). Gender. Cambridge University Press.

Corbett, G. (2011). Higher Order Exceptionality in Inflectional Morphology. Expecting the Unexpected: Exceptions in Grammar. Trends in linguistics: Studies and monographs, 216. De Gruyter Mouton.

DEPED NO.32, S. 2017 – GENDER-RESPONSIVE BASIC EDUCATION POLICY. HTTPS://WWW.DEPED.GOV.PH/2017/06/29/DO-32-S-2017-GENDER-RESPONSIVE-BASIC- EDUCATION-POLICY/

Fairclough, N. (2006). *Discourse and Social Change. Polity Press Cambridge.*

Ginet, S. M. (2011) *GenBeneder, Sexuality, and Meaning: Linguistic Practice and Politics*. Oxford University PressGrown.

Mallinson C., at Kendall, T. (2013). Interdisciplinary Approaches. *The Oxford Handbook of Sociolinguistics.* Oxford University Press.

Miciano, R. (2001). Overt and Covert in Tagalog and Perception of Job – Related Terms. *Kasarinlan 16*(1): 245-266.

Mojica, L. (2000) Gender Differences in Students' Constructed Dialogues Using Filipino. *Philippine Journal of Linguistics, 31*(2): 85-92.

Prewitt-Freilino, J., Caswell, T.A., & Laakso, E. (2012). The gendering of language: A comparison of gender equality in countries with gendered, natural gender, and genderless languages. *Sex Roles, 66,* 268-281.

Reyes, Z. (2001). A Feminist Textual Analysis of Selected Asian History Textbooks. *Sangguni, 12 (1: 29). 184-191.*

Richard, N. (2020). *Language and Gender Studies.* https://www.thoughtco.com/language-and-gender-studies-1691095

Santos, L. (2019). *Balarila ng Wikang Pambansa. Komisyon sa Wikang Filipino at NCCA.*

Sczensny, S., Formanowicz, M., at Moser, F. (2016). Can gender-fair language reduce gender stereotyping and discrimination? *Frontiers in Psychology,* doi: 10.3389/fpsyg.2016.00025.

Tannen, D. (1991). Gender Differences in Topical Coherence: Creating Involvement in Best Friends' Talk. *Discourse Processes*, *13* (1) 73-90.

Tannen, D. (2009). *The Relativity of Linguistic Strategies: Rethinking Power and Solidarity in Gender and Dominance.*

Unger, R., & Crawford, M. (1992). *Women and Gender: A Feminist Psychology.* McGraw- Hill.

Villines, Z. (2013,). How Gendered Language Affects Perceptions. http://www.goodtherapy.org/blog/how-gendered-language-affects-perceptions-0209137.

Young, K. (1997). Gender and Development. *The Women, Gender, and Development Reader*. Zed.